Pangalan:____________________________________________________________

Petsa Nang Nagsimula:______________Petsa Nang Natapos:______________Iskor:________

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**

Epekto at mga Paraan ng Pagtugon sa mga Suliranin ng *Shortage* at *Surplus*

I. Panuto: Tukuyin kung ang kalagayan sa pamilihan ay **ekilibriyo**, ***shortage***, o ***surplus***.

____________ 1. Dahil sa sobrang dami ng mga ibinebentang kamatis sa palengke, napilitang ibaba ni Risa ang presyo ng kaniyang mga ibinebenta.

____________ 2. Nagluto ng 100 piraso ng lumpiang togue si Ding, inilako niya ito sa kanilang buong barangay, napagod man siya sa pagtitinda, naubos naman ito lahat.

____________ 3. Nag-o-*online selling* si Roy ng mga sapatos. Noong siya ay na-*feature* sa isang sikat na palabas sa telebisyon, dumami ang kaniyang mga *order* ngunit hindi na sapat ang mga *stock* ng sapatos na hawak niya.

____________ 4. Sa ika-18 kaarawan ni Winry, nais siyang bilhan ng 18 rosas ng kaniyang kasintahan, ngunit, 8 lamang ang kaniyang nabili dahil maraming mga bumibili nito sa tindahan sapagkat nalalapit na ang ika-14 na araw ng Pebrero.

____________ 5. Naisipang magbenta ni Edward ng mga haluhalo sa tapat ng kanilang bahay, ngunit noong sumapit ang buwan ng Disyembre at nagbago ang temperatura at panahon, halos wala nang bumibili sa kaniyang mga paninda.

II. Panuto: Sagutin ang sumusunod na tanong.

1. Sa iyong palagay, dapat bang solusyonan ang *surplus* o *shortage* sa isang pamilihan? Oo o Hindi? Bakit?

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

2. Bilang isang mag-aaral, ano-ano ang maaari mong gawin para makatulong upang mabigyan ng solusyon ang mga suliranin na dulot ng *surplus* at *shortage* sa pamilihan?

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

3. Ano-anong gawain ang dapat iwasan ng mga konsumer at prodyuser upang hindi lumala ang mga suliranin na dinudulot ng *surplus* at *shortage*?

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________